# KUNG NAIS MONG SUMUKO

## (Paunang Desisyon Serye, Ika-3 Bahagi)

**Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Mik Rodriguez-Flores, Head Servant

Agosto 2, 2025

Kapag nagsimula na tayo o kung ninais natin ang isang bagay, ngunit wala pa ring nangyayari sa kabila ng ating pananampalataya sa Panginoon, minsan natutukso na tayong sumuko. Gayunpaman, sa sandaling nangako tayo, hindi na tayo dapat sumuko dahil ang kaibahan lamang ng taong nagtagumpay sa hindi ay pagtitiyaga. Ito ay sa kagustuhan at tapang na makatapos o pagtanggi na huminto. Gampanang mabuti ang mga tungkuling ibinigay ng Diyos sa atin (2 Tim.4:5-6). Huwag tayong matakot na magdusa para sa Panginoon dahil marami Siyang inilaan para sa atin. Kaya, magkaroon tayo ng paunang desisyon ngayon para maisagawa natin ang mga ito.




1. **Ang pagtigil ay hindi isang opsyon para sa mga anak ng Diyos.**
    1.1. Ang diyablo at mga tao sa paligid natin ay nais tayong pahintuin. Gayunpaman, may mga banal na bagay na kailangan nating tapusin (2Cor.8:10-11). Ang bawat desisyon ay indikasyon ng hinaharap.
    1.2. Ang lakas ng Diyos ang tutulong sa atin na makatapos dahil mayroon tayong Diyos sa ating panig. Nagtagumpay tayo dahil sa biyaya ng Diyos.
    1.3. Kahit nahihirapan tayo, hindi tayo dapat huminto. Kailangan natin ang lakas at tiwala mula sa Diyos. Kaya, kailangan nating kumilos kung saan nais ng Diyos tayo pumunta.
    1.4. Kapag huminto tayo, hindi natin makikita ang malaking plano ng Diyos; hindi natin mararanasan ang Kanyang supernatural na lakas.

2. **Bilang taga-sunod ni Hesus, paano natin palalakasin ang ating pagtitiyaga (Gawa 20:24)?**
    2.1. Bakit tinapos ni Pablo ang karera? **Tumatakbo siya para sa Diyos**. Hindi ito tungkol sa kanya o sa kanyang pangarap. Kapag susuko tayo, hindi na natin mararanasan ang kapangyarihan at lakas ng Diyos. Tulad ni Pablo, dapat tayong tumakbo para sa Diyos, dahil mayroon na Siyang sagot.

    2.2. **Gawin ang susunod na hakbang**. Paunti-unting humakbang si Hesus papunta sa krus bago Niya sinabi, "Naganap na." Kung ninais Niyang huminto sa hardin, "*Ama, kung maaari'y ilayo mo sa akin ang sarong ito*," ngunit tinanggap din Niya ang kalooban ng Kanyang Ama "*…gayunma'y huwag ang kalooban Ko ang masunod, kundi ang kalooban Mo*" (Lk. 22:42). Sa Kanyang panahon sa mundo, nauna na Siyang nagkaroon ng paunang desisyon at nangakong gagawin Niya ang lahat ng mga hakbang.

    2.3. Sa kaibuturan ng ating Kristiyanismo, dapat magpasalamat tayo na hindi huminto si Hesus. **Huwag tayong umatras**. Sa halip, gawin natin ang susunod na hakbang upang maabot; para purihin ang Panginoon; upang pagnilayan ang Salita ng Diyos; upang masabi natin sa Kanya ang ating sitwasyon; at upang malaman kung ano ang tugon ng Diyos tungkol dito.

3. **Paano kung pagkatapos gawin ang lahat ng mga hakbang, wala na tayong lakas na magpatuloy?**
    Magtiwala tayo na hindi tayo tumatakbong mag-isa (Fil.1:6). Kung mahina tayo, pagod nang tumakbo, at kung naririnig natin ang bulong na "sumuko ka na," alalahanin natin na hindi tayo tumatakbong mag-isa. **Si Hesus ang nagsimula, ang taga-pagtapos, at ang taga-perpekto ng ating pananampalataya**. Kaya, dapat ipagpatuloy natin ang pagtakbo na inilaan Niya para sa atin.

**Konklusyon:**

Ang buhay ay hindi takbuhang mabilis ("sprint"); ito ay isang "marathon." Kaya, magkaroon na tayo ng paunang desisyon para malubos ang ating pagtatapos.

**Pagninilay:**

Anong gawain ang ibinigay sa iyo ng Diyos na hindi mo natapos?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Na -edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Tiyaga, #Paunang desisyon
https://lordsflock.org/teachings/digests